

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Wini-welcome ng Innovation District ng Lungsod ang Founder Institute para suportahan ang bagong na-establish na mga negosyo

BRAMPTON, ON (Setyembre 22, 2020) –Sa huling pagpupulong nito, magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pakikipagtulungan sa Founder Institute (FI), isang global na accelerator firm na nagbibigay ng suporta sa mataas ang potensyal, mga kumpanyang nagsisimula pa lamang. Kabilang sa pakikipagtulungan ang panustos na hanggang \$30,000 kada taon, sa loob ng tatlong taon, sa Founder Institute.

Ang pagdagdag ng FI ay isa na namang hakbang tungo sa [Innovation District](#) ng Brampton downtown na magbibigay ng mga suporta para sa mga negosyante at mga negosyo sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay. Ang pagpapahaba sa Innovation District ng Lungsod ay isang mahalagang mithiin sa [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod](#).

Nagbibigay ang FI ng suporta sa mga kumpanya sa pamamagitan ng pinasadyang programa, mga pampagsasanay na kurso, akses sa pondo at mga introduksyon sa isang world-class mentor network. Napagtapos ng FI ang higit sa 4,300 kumpanya na nakalikom ng higit sa \$950M, at nakatulong na lumikha ng humigit-kumulang 25,000 trabaho sa buong mundo.

Kabilang sa iba pang mga benepisyo ng partnership ang:

- Ekstensyon ng programa; pagdadala sa mga negosyante sa teknolohiya mula sa Waterloo, Toronto at nakapaligid na mga rehiyon sa Brampton
- Iskolarsip para sa mga Negosyante sa Brampton na sumasali sa programa
- Pamumunuan ang henerasyon sa pandaigdigang mga nagsisimulang negosyo at ang mga mamumuhunan
- Pagsuporta sa mga pagsisikap sa Foreign Direct Investment ng Lungsod sa pamamagitan ng pandaigdigang FI chapters
- Pagtulong na i-profile ang Brampton sa pamamagitan ng Global FI network
- Paghahanda ng inilalaang cybersecurity stream at programa para sa cybersecurity startup founders
- Paglikha ng mentor network na binubuo ng mga mamumuhunan, mga negosyante at mga ehektibo

Kabilang sa iba pang partner ng Innovation District ng Brampton ang Brampton Entrepreneur Centre; ang Catalyst Cyber Accelerator (pinangungunahan ng Rogers Cybersecure Catalyst atd Ryerson DMZ); ang Research Innovation Commercialization (RIC) Centre; Ryerson Venture Zone; ang Brampton Board of Trade at ang Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA).

Mga Quote

“Habang tayo ay lumilitaw mula sa pandemic na ito at muling sinimulan ang ating lokal na ekonomiya, wini-welcome natin ang mga negosyante at potensyal na mga mamumuhunan na manirahan sa ating lungsod at sumali sa ating lumalaking Innovation District. Tutulong sa atin ang Founder Institute na hikayatin ang pandaigdigang nagsisimulang negosyo sa Brampton, na aambag sa ating ekonomiya at

lilikha ng mga trabaho. Nananabik tayo na patuluyin ang Founder Institute habang magkasama tayong nagsisikap na magbigay ng suporta sa mga negosyo sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang patuloy na pag-unlad ng ating Innovation District ay isang mahalagang aksyon sa ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya, at ang Founder Institute ay gaganap ng mahalagang papel sa tagumpay nito. Habang inilalabas natin ang ating Lungsod mula sa pandemic, committed tayo na magbigay sa ating mga negosyante at mga negosyo ng suporta para makatulong sa kanila na magawa ang kanilang ganap na pagbangon at paglago sa hinaharap.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura; Co-Chair, Task Force ng Mayor sa COVID-19 Suporta sa Ekonomiya, Lungsod ng Brampton*

“Sa ating pangunahing lokasyon sa gitna ng Innovation Corridor ng Canada, ang Brampton ay isang lumalaking ecosystem na may layuning maging pandaigdigang lider sa inobasyon. Committed ang ating staff sa layunin na maging isang pandaigdigang lider sa inobasyon. Committed ang ating staff na bumuo ng partnerships, tulad nito sa Founder Institute, at ihahanda ang kailangang mga kondisyon para gawin ang Brampton na isang optimal na lokasyon para sa mga negosyante at mga negosyo.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Nakikita ko ang hinaharap kung saan ang Brampton ay nagiging tahahan ng napakalaking bilang ng mga kumpanyang naghahatid ng teknolohiya. Ang mga kumpanyang naghahatid ng teknolohiya madalas na nagpapasigla ng mga imigrante. Ang Brampton ay tahanan ng malaking porsyento ng mga imigrante at may isa sa pinakabatang mga populasyon sa mundo na namumuhay sa pagitan ng kilala sa mundo na tech hubs ng Toronto at Waterloo. Sa pagiging abot-kaya ng mga pakinabang sa kalapit na mga lungsod at isang populasyon na humahalili sa mga tech hub sa kanularan, ang Brampton ay may potensyal na madaling lumaki bilang isang startup hub.”

- *Sunil Sharma, Managing Director, Techstars Toronto; Co-Director, Founder Institute, Mga Tsapter ng Toronto at Waterloo*

“Nananabik ang Founder Institute na makipag-partner sa Lungsod ng Brampton para makatulong sa pagpapaunlad ng nabubuhay na tech startup ecosystem nito. Ang Toronto Tech Corridor ay isa sa pinakamahusay sa mga rehiyon sa mundo na maglunsad ng kumpanya, at nagagalak tayo para sa pagkakataon na dalhin ang Brampton sa harap nito.”

- *Ryan Micheletti, Pinuno ng Global Operations, ang Founder Institute*

“Bilang bagong graduate ng FI at isang residente ng Brampton, nakita ko mismo kung ano ang mga oportunidad na hatid ng FI. Sa partnership ng FI at Brampton, naniniwala ako na ang Brampton ay magkakaroon ng pagkakataon na bigyang kapangyarihan ang mga negosyante sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang mga network, pag-aalok ng lingguhang pitching at group session, at pagbibigay ng akses sa mga mentor na meron ding kanilang sariling kumpanya ng teknolohiya at maaaring ibahagi ang kanilang karanasan mismo. Bilang isa sa pinakamalaking lungsod ng Canada, ang Brampton ay mapupwesto bilang tunay na hub para sa inobasyon at tagumpay sa negosyo.”

- *Daniel Yeboah General Manager, Ellerca Health Corp.*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca